Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG PEBRERO 12, 1996, 9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Dacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Ranulfo C. Bernal

ORDINANSA BLG. 01 Taong 1996

ORDINANSANG NAGTATAKDA NG PASAHE SA MGA TRAYSIKEL NA DE-MOTOR NA BUMIBIYAHE SA NASASAKUPAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA:

PANGKAT I - Itinatakda ang sumusunod na pasahe sa mga traysikel na de-motor na bumibiyahe sa nasasakupan ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro:

1. Sa loob ng bayan (Poblacion) - ₱2.00
2. San Isidro Proper - - - - - - - 3.00
3. San Aquilino - - - - - - - - 3.00
4. Victoria - - - - - - - - - - - 4.00
5. Libertad - - - - - - - - - - - 5.00
6. Uyao - - - - - - - - - - - - - 5.00
7. Mabuhay - - - - - - - - - - - - 5.00
8. San Mariano - - - - - - - - - - 5.00
9. Maraska - - - - - - - - - - - - 10.00
10. Dangay - - - - - - - - - - - - 3.00
11. Sitio Dalahican - - - - - - - - 10.00
12. Cantil- - - - - - - - - - - - - 4.00
13. San Jose - - - - - - - - - - - 7.00
14. Libtong - - - - - - - - - - - - 8.00

PANGKAT II - Ang kautusang ito ay ipapaskil ng mga drayber o may-ari ng mga traysikel na de-motor sa loob ng kanilang sasakyan.

PANGKAT III - Ang sinumang lumabag sa itinatadhana ng kautusang ito ay papatawan ng multang Isandaang Piso (₱100.00) sa unang paglabag, Isandaan at Limampung Piso (₱150.00) sa ikalawang paglabag at Tatlong Daang Piso (₱300.00) o pagkakulong ng Isang (1) Linggo o multa at pagkakakulong sa ikatlong paglabag ayon sa itatakda ng hukuman.

PANGKAT IV - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos pagtibayin.

Pinagtibay ng lahat.

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

EFREN E GARCIA
PDV PAO

mcrz/